# ERIC ABALAJON

Si Eric Abalajon ay lecturer sa Division of Humanities, UP Visayas, Iloilo. Ang ilan sa kaniyang mga tula at maikling kuwento ay lumabas sa *Loch Raven Review, Ani, Katitikan, Cha: An Asian Literary Journal, The Tiger Moth Review, Marias at Sampaguitas,* at *Dx Machina.* Siya ay may dalawang zine gamit ang sagisag-panulat na Jacob Laneria, *Mga Migranteng Sandali (2020)* at *The Landscape Does Not Sit Willingly (2022).* Nakatira siya malapit sa siyudad ng Iloilo.

# PASILONGAN

Ang bág-o nga service road
daw lagawan

para sa mga gusto makalikaw
sa kagarot sang downtown halin sa

Lapaz. Linong sa
tupad sang subá,

isa ka gintago nga pasilongan.
Nagatubang sa tubig ang mataas

nga kudal nga metal,
kung indi gid mapahalin,

gitulod nalang paatras
ang mga panimalay.

Matemptar ka sa kalapadon sang aspalto,
nga magpadalagan dasig.

Pero gahalong ko
kung malabayan ko

ang gin-utod nga alagyan
sang mga pumuluyo,

kung diin nagabutwa ang
mga bata kag magtabok

pakadto sa handong sang mga bakawan.

# KANLUNGAN

Ang bagong service road
ay parang pasyalan

para sa mga nais makaiwas sa
sikip ng downtown mula sa

Lapaz. Tahimik sa
tabi ng ilog,

isang tinagong kanlungan.
Nakaharap sa tubig ang mataas

na bakod gawa sa bakal,
kung hindi man lubos mapaalis,

matulak man lang
ang mga barong-barong.

Nakakatukso ang lawak ng aspalto,
para magpatulin ng maneho.

Pero nag-iingat ako
tuwing nadaraanan

ang hiniwang lagusan
ng mga residente,

kung saan lumalabas
ang mga bata at tumatawid

papunta sa silong ng mga bakawan.